Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Pang-araw na Kampo: Appendix K

Kamakailang mga pagbabago: (ang mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)
11/28/2020:

- Epektibo 10:00 p.m. sa 11/21/2020 hanggang 5 a.m. sa 12/21/2020, ang mga Pang-araw na Kampo ay dapat na tumigil ng operasyon sa pagitan ng mga oras ng 10:00 p.m. at 5:00 a.m. (PST) bilang pagtupad sa Utos sa Limitadong Pananatili sa Bahay (Limited Stay at Home Order) ng California.
- Ang mga pang-araw na kampo na may pagsiklab (3 o higit pang mga kaso sa tagal na 14 na araw) ay dapat na magsara ng 14 na araw.
- Nagdagdag ng kinakailangan (requirement) para masunod ang gabay ng DPH sa pagsusuri (screening) sa sintomas at pagkakalantad, pagbubukod, pag-quarantine, at pag-uulat na binalangkas sa Protokol sa Pangangalagang Pang-araw para sa mga Batang nasa Edad nang Mag-aral (Day Care for School-Aged Children Protocol). Nagdagdag ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangan (requirements) para makontak ang Community Care Licensing Division tungkol sa pagpapaubaya sa pang-emerhensyang pangangalagang pambata (emergency childcare waiver) mula sa paglilisensya. Nagdagdag ng impormasyon na nag-aatas sa anumang Pang-araw na Kampo na nagkakaloob ng pangangalagang pang-araw (day care) para sa mga batang nasa edad nang mag-aral sa isang paaralan ng K-12 na maghain ng isang notipikasyon sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health) ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan (staged approach), suportado ng siyensya (science) at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan (public health expertise), upang payagan ang ligtas na muling pagbubukas ng ilang mga lugar (venue). Ang mga kinakailangan na nasa ibaba ay partikular sa mga Pang-araw na Kampo (Day Camp) na pinahintulutan na maging bukas sa pamamagitan ng Utos ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa partikular na mga lugar, ang mga uri ng negosyong ito ay dapat rin sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Listahang ito para sa mga Pang-araw na Kampo.

Ang mga kampo sa tabing-dagat (beach camp) at mga surf na kampo (surf camp) ay dapat na sumunod sa protokol ng pang-araw na kampo na ito at ibigay ang kumpletong listahan ng protokol sa naaangkop na hurisdiksyon ng tabing-dagat (lungsod, bansa o estado) upang mapahintulutan

Bilang pagtupad sa limitadong Utos sa Pananatili sa Bahay na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado noong Nobyembre 19, 2020, ang lahat ng mga Pang-araw na Kampo ay dapat na tumigil ng operasyon sa pagitan ng mga oras na 10:00 p.m. at 5:00 a.m. Ang Utos na ito ay magkakabisa 10:00 p.m. sa Nobyembre 21, 2020 at ipinatutupad hanggang 5:00 a.m. sa Disyembre 21, 2020.

Ang mga protokol sa Pang-araw na Kampo ay dapat ring sumunod sa mga kinakailangan sa pagsusuri (screening) sa sintomas at pagkakalantad, pagbubukod, pag-quarantine, at pag-uulat na binalangkas sa protokol sa Pangangalagang Pang-araw para sa mga Batang nasa Edad nang Mag-aral.

Ang anumang Pang-araw na Kampo na nagpaplanong magkaloob ng pangangalagang pang-araw para sa mga batang nasa edad nang mag-aral at nagpapalawig ng kanilang operasyon na higit sa mga limitasyon ng kanilang kasalukuyang lisensya sa pangangalagang pambata, o higit sa limitasyon ng kanilang kalagayan sa hindi pagkakasaklaw ng lisensya, ay dapat na makipag-usap sa kanilang Community Care Licensing Regional Office para matukoy kung sila ay inaatasang kumuha ng isang pang-emerhensyang pagpapaubaya mula sa mga karagdagang kinakailangan sa paglilisensya (additional licensing requirements). Para sa higit pang impormasyon sa mga pagpapaubaya sa pangangalagang pambata (childcare waivers), tingnan ang Gabay ng Estado at Mga Madalas na Katanungan (FAQs) Tungkol sa mga Pagpapaubaya para sa Pangangalagang Pambata: Provider Information Notice (PIN) 20-22-CCP.

ESPESYAL NA TALA PARA SA MGA KAMPO NA NASA MGA LUGAR NG K-12 NA PAARALAN: Ang mga Pang-araw na Kampo na nagkakaloob ng anumang anyo ng pangangalagang pambata para sa mga batang nasa edad nang mag-aral sa isang K-12 na paaralan ay inaatasan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County na kumpletuhin at ihain ang isang notipikasyon sa kagawaran na inilalarawan ang saklaw ng mga aktibidad ng iyong pangangalagang pambata at iyong kalagayan sa paglilisensya at pagpapaubaya sa pangangalagang pambata. May mga tagubilin para sa pagkumpleto at isang ugnay (link) sa online survey na magagamit dito. Kung ikaw ay lisensyado na magkaloob ng mga serbisyo ng ECE at nagsisilbi lamang sa mga grupo na ang edad ay nasa pre-kindergarten at mas bata pa, HINDI mo na kailangan pa na ihain ang notipikasyong ito. Kung ang iyong programa ay nagkakaloob ng pangangalagang pambata para sa mga batang nasa edad nang mag-aral sa anumang setting maliban sa isang K-12 na paaralan, HINDI mo na kailangan pa na ihain ang notipikasyong ito.

Mangyaring tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin kung mayroong magagamit na karagdagang impormasyon kung kaya't regular na tingnan ang LA County website http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho (workplace) upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang upang matiyak ang pisikal na pagdistansya (physical distancing)
(3) Mga hakbang upang matiyak ang pagkontrol ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
(5) Mga hakbang upang matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga Pang-araw na Kampo na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa Kampo.

Pangalan ng Pang-araw na Kampo: _____

Address ng Pasilidad: _____

A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-TSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng maaaring magsagawa ng kanilang mga trabaho sa bahay ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Hangga't maaari ang mga kawaning mahihina sa sakit (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay pagkakalooban ng trabaho na maaaring gawin sa bahay.
- ❑ Hangga't maaari irekompigura ang mga proseso sa trabaho upang maparami ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Isaalang-alang ang pag-aalok sa mga manggagawa, taong-gabay (docent), intern, at boluntaryong kawani na humihiling ng binagong mga pagpipilian sa tungkulin para mabawasan ang kanilang kontak sa mga kostumer at iba pang mga empleyado (hal., ang pangangasiwa ng imbentaryo sa halip na magtrabaho bilang isang kahera o pangangasiwa ng mga administratibong pangangailangan sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa bahay.
- ❑ Salit-salitan, halinhinan o shift na mga iskedyul ay pinasimulan para masagad ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, mga taong gabay (docent), intern at boluntaryo; sama-samang tinatawag na "mga empleyado") ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- ❑ Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o nagkaroon ng mga sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na inihanda upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pagbubukod sa sarili ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Bilang karagdagan, kung may pagkakalantad sa impeksyon ng COVID-19 sa isang silid-aralan o sa loob ng isang pangkat sa anumang lokasyon sa Pang-araw na Kampo, ang lahat ng tao na nasa silid-aralan o pangkat sa panahong naganap ang pagkakalantad ay inaatasan na mag-quarantine. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga nakabukod na empleyado na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa síntomas (symptom screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Ang lugar ay dapat na sumunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa mga Desisyon ng Daanan (Decision Pathways) para sa mga taong nasuring positibo para sa mga síntomas bago ang pagpasok sa lugar ng trabaho o habang nasa lugar ng trabaho. Dapat na kasama sa pagsusuri (screening) ang pagtatanong (check-in) tungkol sa mga síntomas na nagtuturo sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Desisyon ng Daanan at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- ❑ Ang mga Pang-araw na Kampo ay inaatasan na iulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang lahat ng pagkakalantad sa COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at bata sa pamamagitan ng

pagkumpleto sa Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak para sa Sektor na Pang-edukasyon sa loob ng 1 araw na may pasok sa pagkakaabiso ng kaso. Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat kaagad ang pagsiklab na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pag-email sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov o pagtawag sa telepono sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821.

- ❑ Ang mga pang-araw na kampo na tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na may isang pagsiklab (3 o higit pang mga kaso sa tagal na 14 na araw) ay dapat na magsara ng 14 na araw alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip ng mukha (face coverings).
- ❑ Alokan ang mga empleyado ng mga guwantes para sa mga gawain na kakailangan nilang hawakan nang madalas ang mga pang-ibabaw (surfaces) o para sa paggamit sa pagsusuri ng sintomas.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang distansya mula sa mga bisita at sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng pang-araw na kampo. Maaaring lumapit ng panandalian ang mga empleyado para tulungan ang mga bata, o kung kinakailangan.
- ❑ Ang mga banyo at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na iskedyul:
  - Mga Banyo _____
  - Iba pa _____
- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  _____
- ❑ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  _____
- ❑ Ang mga empleyado ay pinaalalahanan na hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay.
- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado
- ❑ Hangga't magagawa, ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kagamitan at inatasan na iwasan ang pagsasalo-salo (sharing) ng mga telepono, tablet, two-way na radyo, iba pang mga gamit sa trabaho o kagamitan sa opisina saanman maaari. Sila rin ay inatasan na huwag kailanman maghiraman ng PPE.
- ❑ Kung saan ang mga gamit ay dapat na mapagsaluhan, ang mga ito ay dinidisimpekta gamit ang isang panlinis na naaangkop para sa ibabaw sa pagitan ng mga shift o paggamit, alinman dito ang mas madalas, kabilang ang mga sumusunod: pinagsasaluhang mga kagamitan sa opisina tulad ng

tagakopya (copiers), fax machines, printers, mga telepono, keyboards, staplers, staple removers, pambukas ng sulat, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan o reception areas, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, audio at video na kagamitan, walkie talkies, atbp.

- ❑ Bigyan ng oras ang mga manggagawa para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa kanilang trabaho. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay itinatalaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng tungkulin sa trabaho ng mga empleyado. Baguhin ang mga oras, kung kinakailangan, para masiguro ang regular, masinsinang paglilinis, kung naaangkop. Ang mga pagpipilian para sa mga ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis (third-party cleaning companies) ay kinuha para tumulong sa tumaas na pangangailangan sa paglilinis, kung kinakailangan.
- ❑ Subaybayan ang madalas na hindi pagpasok sa trabaho ng mga kawani at magkaroon ng talaan ng sinanay na mga kahalili na empleyado.
- ❑ Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahan na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido (third-party).
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDIDISTANSYA

PAGDATING AT PAG-ALIS

- ❑ Limitahan ang bilang ng mga tao sa kampo sa bilang na naaangkop para mapanatili ang pisikal na pagdidistansya.
- ❑ Kung ang mga transportasyong sasakyan (hal., mga bus) ay ginamit ng kampo, ang mga drayber ay dapat na isagawa ang lahat ng mga aksyon at protokol ng kaligtasan gaya ng itinukoy para sa iba pang kawani (hal., kalinisan ng kamay, mga telang pantakip ng mukha, at pisikal na pagdidistansya).
- ❑ Ang lahat ng mga kamper at bisita ay may suot-suot na mga telang pantakip ng mukha sa pagdating at pag-alis.
- ❑ Pababain o bawasan ang kontak sa pagitan ng kawani ng kampo, mga kamper at pamilya sa simula at katapusan ng araw.
- ❑ Hangga't maaari lagyan ng puwang na hindi pabago-bago ang mga oras ng pagdating at pagbaba, at mga lokasyon upang mapababa ang mga hamon sa pag-iiskedyul para sa mga pamilya.
- ❑ Magtalaga ng mga ruta para sa pagpasok at paglabas, gamit ang maraming pasukan kung magagawa. Isaayos ang iba pang mga protokol para limitahan ang direktang kontak sa ibang mga tao hangga't praktikal.
- ❑ Maglagay ng mga pisikal na gabay, gaya ng marka sa mga sahig o bangketa at mga palatandaan sa mga pader, upang masiguro na ang mga kawani ng kampo at mga kamper ay nananatiling hindi bababa sa anim (6) na talampakan ang layo sa mga pila at sa iba pang mga oras (hal., mga gabay para sa paglilikha ng mga "one-way na ruta" sa mga pasilyo)
- ❑ Buksan ang mga bintana at palakihin nang sagad ang espasyo sa pagitan ng mga kamper at drayber ng mga transportasyong sasakyan saanman maaari.

PANGLIBANGANG LUGAR

- ❑ Ang mga kamper ay dapat na manatili sa parehong lugar at sa mga grupo na maliliit at hindi nagbabago-bago hangga't praktikal. Panatilihin ang parehong mga kamper at kawani sa bawat grupo at ibilang ang mga kamper mula sa parehong pamilya sa parehong grupo, hanggang sa pinaka-praktikal. Ang rekomendadong kalahok sa kawani na ratio ay dapat na 12:1.
- ❑ Ang lahat ng mga bisita at kamper ay inaatasan na magsuot ng mga pantakip ng mukha habang nasa kampo, maliban kung lumalangoy, natutulog, kumakain/umiinom, o nakikibahagi sa mga panlabas na aktibidad na nangangailangan ng mabigat na pagpipilit ng katawan (tulad ng pag-jogging). Ang mga mabibigat na aktibidad na ito sa pagpipilit ng katawan ay dapat na gawin habang nagpapanatili ng hindi

bababa sa walong (8) talampakan na distansya mula sa ibang mga tao. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat na magagamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.

- ❑ Isagad ang espasyo sa pagitan ng mga upuan, mesa, at kama. Isaalang-alang ang mga paraan para makagawa ng paghihiwalay ng mga kamper gamit ang ibang mga paraan, halimbawa, anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, mga partisyon sa pagitan ng mga upuan, mga marka sa sahig para itaguyod ang pagdistansya, pagsasaayos ng mga upuan sa paraan na pinabababa o mabawasan ang harapang kontak.
- ❑ Isaalang-alang ang muling pagdidisenyo ng mga aktibidad para sa mas maliliit na mga grupo at muling pagsasaayos ng kasangkapang-bahay at mga espasyo para sa laruan (play spaces) para makapagpanatili ng separasyon o paghihiwalay.
- ❑ Ang mga kawani ay dapat na magbuo ng mga instruksyon para sa pagsasagad ng espasyo at mga paraan para mabawasan ang pagkilos sa panloob at panlabas na mga espasyo na madaling maintindihan ng mga bata at naaangkop sa pag-unlad.
- ❑ Higpitan ang mga hindi kinakailangang bisita, boluntaryo, at aktibidad na kinasasangkutan ng ibang mga grupo nang sabay-sabay.
- ❑ Higpitan ang mga sama-samang aktibidad kung saan praktikal. Kung hindi ito praktikal, gawing halinhinan ang paggamit, bigyan ng wastong espasyo ang mga okupante, panatilihing maliit at hindi nagbabago-bago ang mga grupo at magdisimpekta sa pagitan ng mga paggamit.
- ❑ Limitahan ang mga pang-grupo at ekstrang aktibidad sa mga tao na kung saan ang mga nakikilahok at mga namumuno ng aktibidad ay nakapagpapanatili ng pisikal na pagdidistansya at nakakasuporta sa wastong kalinisan ng kamay.
- ❑ Gumamit ng mga alternatibong espasyo hangga't kinakailangan, kabilang ang regular na paggamit ng panlabas na espasyo, kung pinahihintulutan ng panahon. Halimbawa, isaalang-alang ang pagsasagad ng panlabas na espasyo, at ang paggamit ng mga kapetirya at iba pang mga espasyo na magagamit upang pahintulutan ang pisikal na pagdidistansya.
- ❑ Pababain o bawasan ang tipon-tipong paggalaw hangga't praktikal.
- ❑ Para sa mga aktibidad na nakakagawa ng mga maliliit na patak ng palahingahan gaya ng mabigat na pagpuwersa ng katawan o pagkanta, palakihin ang distansya sa pagitan ng mga indibidwal sa walong (8) talampakan at subukan ang mga ito sa labas.

MGA KAINAN

- ❑ Hikayatin ang mga kamper na magdala ng kanilang sariling pagkain hangga't magagawa, at magsagawa ng pisikal na pagdidistansya kapag kumakain o kumain sa loob ng kanilang mas maliliit na grupo, kaysa sa isang sama-samang kumunal na kainan o kapetirya. Siguruhin ang kaligtasan ng mga bata na may mga allergy sa pagkain.
- ❑ Gumamit ng mga patapon na gamit sa pagkain (hal., mga kubyertos at mga plato). Kung ang mga patapon na gamit ay hindi maaari, siguruhin na ang lahat ng hindi patapon na gamit sa pagkain ay hinahawakan na naka-guwantes at hinugasan gamit ang sabong pang-plato at mainit na tubig o sa isang dishwasher. Ang mga indibidwal ay dapat na hugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes o pagkatapos direktang panghawakan ang mga ginamit na bagay sa pagkain.
- ❑ Kung ang pagkain ay inaalok sa anumang kaganapan, magkaroon ng mga pre-packaged na kahon o supot para sa bawat kalahok kaysa sa isang buffet o estilong pampamilyang kainan. Iwasan ang pagsasalo-salo ng mga pagkain at kubyertos.

C. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Siguruhin na alam ng mga kawani ng kampo at mga pamilya ang mga pinahusay na kasanayan sa kalinisan, mga gabay sa pisikal na pagdidistansya at kanilang kahalagahan, wastong paggamit, pagtanggal at paglalaba ng mga telang pantakip ng mukha, mga kasanayan sa pagsusuri at COVID-19 partikular na kriterya sa pagbubukod.
- ❑ Magtalaga ng isang kawaning tao (hal., nurse ng kampo o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan) na magiging responsable para sa pagresponde sa mga alalahanin ng COVID-19. Ang lahat ng mga kawani ng kampo at mga pamilya ay dapat alam kung sino ang taong ito at kung paano sila kokontakin. Ang indibidwal na ito ay dapat na sinanay na mag-aayos sa pagdokumento at pagsusubaybay ng posibleng pagkakalantad, ng sa gayon ay maabisuhan ang mga opisyal ng lokal na kalusugan sa lahat ng mga kaso ng COVID-19 sa lugar sa loob ng 1 araw na may pasok sa pagkakaabiso ng kaso.
- ❑ Para sa mga lugar na may malaking distribusyon ng heograpiya, isaalang-alang ang paglilimita ng paglahok sa mga kamper na nakatira sa lokal na heograpiyang lugar at hilingin sa mga kamper na iwasan ang paggalaw sa pagitan ng mga kampo.
- ❑ Siguruhin ang sapat na mga gamit para masuportahan ang malusog na mga pag-uugali sa kalinisan, kabilang ang sabon, mga tisyu, hindi hinahawakan na basurahan at hand sanitizer na may hindi bababa sa 60 porsyentong ethyl na alkohol para sa mga kawani at sa mga kamper na kayang ligtas na gamitin ang hand sanitizer.
- ❑ Turuan ang mga kamper ng mga sumusunod na hakbang na personal na pamprotekta
    - Regular na paghuhugas ng mga kamay bago at pagkatapos kumain; pagkatapos umubo o bumahing; at pagkatapos na gumamit ng banyo.
    - Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig
    - Takpan ang mga pag-ubo at pagbahing
    - Gumamit ng tisyu para punasan ang iyong ilong at umubo/bumahing sa loob ng isang tisyu o sa iyong siko.
- ❑ Isaalang-alang ang mga gawain na nakapagpapagana sa mga kawani ng kampo at mga kamper na regular na maghugas ng kanilang mga kamay na may halinhinang puwang.
- ❑ Ang mga kamper at kawani ay dapat na maghugas ng kanilang mga kamay nang 20 segundo gamit ang sabon, maiging pagkukuskos pagkatapos ng aplikasyon, at gumamit ng mga tuwalyang papel (o isang gamitan na mga tuwalyang tela) para patuyuin nang maigi ang mga kamay.
- ❑ Ang mga kawani ay dapat na ipakita at isagawa ang paghuhugas ng kamay. Halimbawa, para sa mga batang kamper, gamitin ang oras na pangbanyo bilang isang pagkakataon para mapatibay ang mga malulusog na gawain at subaybayan ang wastong paghuhugas ng kamay.
- ❑ Ang mga kamper at kawani ay dapat na gumamit ng hand sanitizer kapag ang paghuhugas ng kamay ay hindi praktikal. Ang sanitizer ay dapat na ikuskos sa mga kamay hanggang ganap na matuyo. Tandaan: ang madalas na paghuhugas ng kamay ay mas epektibo kaysa sa paggamit ng mga hand sanitizer, lalo na kapag ang mga kamay ay nakikitang madumi
- ❑ Ang mga batang wala pang 9 na taong gulang ay dapat na gumamit ng hand sanitizer sa ilalim ng pangangasiwa ng matanda. Tawagan ang Poison Control kung naisubo: 1-800-222-1222. Mas pinipili ang mga hand sanitizer na naka-base sa ethyl alkohol at dapat na gamitin kapag may malamang na hindi napangasiwaang paggamit ng mga bata. Ang isopropyl na mga hand sanitizer ay mas nakakalason at maaaring sumipsip sa balat.
- ❑ Hangga't maaari isaalang-alang ang mga nailalipat-lipat (portable) na estasyon sa paghuhugas ng kamay sa buong lugar para mabawasan ang paggalaw at pagtitipon-tipon sa mga banyo.
- ❑ Ang mga kamper ay dapat na hikayatin na gumamit ng mga pantakip ng mukha. Ang

impormasyon sa tamang paggamit, pagtanggal at paglalaba ng mga telang pantakip ng mukha ay dapat na ipagkaloob sa lahat ng mga kawani ng kampo at mga kamper.

- ❑ Isaalang-alang ang pagsuspinde ng paggamit sa mga bukal na inuman (drinking fountains) at sa halip ay hikayatin ang paggamit ng mga bote ng tubig.
- ❑ Ang madalas na mahawakang ibabaw tulad ng mga hawakan ng pinto, switch ng ilaw, hawakan ng lababo, ibabaw ng banyo, mesa pati na rin ang mga ibabaw sa mga transportasyong sasakyan ay dapat na nililinis nang minsan sa isang araw man lamang at mas madalas sa buong araw kung maaari.
- ❑ Limitahan ang paggamit ng mga napagsasaluhang kagamitan sa palaruan pabor sa mga pisikal na aktibidad na nangangailangan ng mas kaunting kontak sa mga ibabaw.
- ❑ Limitahan ang pagsasalo-salo ng mga bagay at kagamitan, tulad ng mga laruan, mga gamit ng laro at sining, kung hindi man ay linisin at idisimpekta sa pagitan ng mga paggamit.
- ❑ Kapag namimili ng mga produkto sa panglinis na, gamitin yong mga aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Ang mga produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na mas ligtas sa mga indibidwal na may hika
- ❑ Gumamit ng mga pandisimpekta na tinatakan na epektibo laban sa lumalabas na viral pathogens, sundin ang mga direksyon ng tatak para sa naaangkop na pagtitimpla at mga oras ng kontak. Magbigay ng pagsasanay sa mga empleyado tungkol sa mga panganib ng kemikal, mga instruksyon ng tagagawa, at ng mga kinakailangang ligtas na paggamit ng Cal/OSHA.
- ❑ Ang mga kawani sa pag-iingat na may responsibilidad na maglinis at magdisimpekta ng lugar ay dapat na nabibigyan ng wastong pamprotektang kagamitan, kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan, at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan gaya ng inaatas ng mga instruksyon ng produkto. Ang lahat ng mga produkto ay dapat na hindi maabot ng mga bata at nakatabi sa isang espasyo na may nililimitahang akses.
- ❑ Kapag naglilinis, pahanginan ang lugar bago dumating ang mga kamper; planuhin na gumawa ng lubusang paglilinis kapag wala ang mga kamper. Kung gumagamit ng aircon, gamitin ang setting na naghahatid ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga air filter at mga sistema ng filtration para masiguro ang pinakamabuting kalagayan ng hangin.
- ❑ Kung ang pagbubukas ng mga bintana ay nagbabadya ng panganib sa kalusugan, isaalang-alang ang mga alternatibong estratehiya para sa pagpapabuti ng daloy ng hangin gaya ng pagsasagad ng pagsasala ng hangin sa sentro para sa mga sistema ng HVAC (ang dapat na filter rating ay hindi bababa sa MERV 13).
- ❑ Gumawa ng mga hakbang para siguruhin na ang lahat ng mga sistema at tampok ng tubig (halimbawa, bukal na inuman (drinking fountains), bukal na pangdekorasyon [decorative fountains]) ay ligtas na gamitin pagkatapos ng matagal na pagsasara ng pasilidad upang mabawasan ang panganib ng impeksyon gaya ng sakit na Legionnaires

SURIIN ANG MGA KAMPER

- ❑ Sanayin ang mga kawani at turuan ang mga kamper at kanilang mga pamilya tungkol sa kung kailan sila dapat manatili sa bahay at kung kailan sila makakabalik sa kampo. Aktibong hikayatin ang mga kawani at mga kamper na may sakit o ang mga nagkaroon ng kamakailang malapitang kontak sa isang taong may COVID-19 na manatili sa bahay.
- ❑ Bilang karagdagan sa pagsusuri ng mga kawani kapag sila ay dumarating, ang lahat ng mga kamper ay dapat ring suriin sa pagdating sa pasilidad.
    - Isaalang-alang ang pagsasagawa ng pagtsetsek sa nakikitang pagkamabuti (visual

wellness checks) ng lahat ng mga kamper sa pagdating; maaaring kabilangan ito ng pagkuha sa mga temperatura ng mga kamper sa pagsisimula ng bawat araw gamit ang isang hindi hinahawakang termometro. Kung walang magagamit na isang hindi hinahawakang termometro, ang napaulat na pagtatasa ng temperatura ay katanggap-tanggap.

- Ang pasilidad ay inaatasan na sundin ang gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Desisyon sa Daanan (Decision Pathways) para sa mga taong nasuring positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa pasilidad. Tanungin ang lahat ng mga indibidwal tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng huling 24 na oras at kung may sinuman sa kanilang tahanan ang nagkaroon ng isang positibong pagsusuri sa COVID-19. Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Desisyon ng Daanan. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.

- ❑ Huwag isama ang sinumang anak, magulang, tagapag-alaga, o kawani na nagpapakita ng mga sintomas na tumutukoy sa impeksyon ng COVID-19.
- ❑ Subaybayan ang mga kawani at mga kamper sa buong araw para sa mga palatandaan ng sakit; pauwiin ang mga kamper at mga kawani na may mga sintomas na tumutukoy sa impeksyon ng COVID-19. Ipadala ang mga nasabing tao sa naaangkop na medikal na pasilidad kaysa sa kanilang mga tahanan kung kinakailangan.

KUNG ANG KAWANI O KAMPER AY NAGKASAKIT

- ❑ Tukuyin ang isang silid sa pagbubukod o lugar para ihiwalay ang isang tao na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.
- ❑ Siguruhin na sila ay may suot-suot na telang pantakip ng mukha o isang pag-opera na maskara (surgical mask) kung sila ay higit sa edad na 2 taong gulang at walang mga problema sa paglalagay o pagtatanggal ng maskara o walang mga isyu sa paghinga kapag may nakasuot na maskara.
- ❑ Ang mga kamper o kawani na nagpapakita ng mga sintomas ay dapat na manatili sa silid ng pagbubukod hangga't sila ay maaari nang ibyahe pauwi o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa lalong madaling panahon na praktikal.
- ❑ Bumuo ng mga paraan para sa ligtas na pagbibyahe sa sinumang may sakit papunta sa kanilang tahanan o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, kung naaangkop. Tawagan ang 9-1-1 ng walang pagkaantala kung ang indibidwal ay nagkaroon ng nagpapatuloy na sakit o presyon sa dibdib, pagkalito, o mangasul-ngasul na labi o mukha.
- ❑ Payuhan ang mga may sakit na miyembro ng kawani at mga kamper na huwag babalik hangga't hindi nila natutugunan ang kriterya para makabalik sa lugar ng kampo tulad ng binalangkas sa Desisyon ng Daanan para sa mga taong may mga sintomas.
- ❑ Payuhan ang mga may kontak sa may sakit na indibidwal na manatili sa bahay hangga't kanilang natutugunan ang kriterya para makabalik sa pasilidad tulad ng binalangkas sa Desisyon ng Daanan para sa mga nakasalamuha ng isang posibleng nakakahawang bata o empleyado.
- ❑ Sa oras na napagbigay-alam na ang isang miyembro ng kawani o bata ay nasuring positibo para sa COVID-19, ang pasilidad ay inaatasan na utusan ang nahawaang tao na ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at utusan ang lahat ng mga taong nalantad sa nahawaang tao na mag-

quarantine. Sa oras na ito, kung ang pagkakalantad ay naganap sa silid-aralan o pangkat, ang lahat ng mga kawani at bata na nasa silid-aralan o pangkat sa panahong nakakahawa ay itinuturing na nalantad. Tingnan ang pampublikong gabay sa kalusugan sa pagbubukod (http://ph.lacounty.gov/covidisolation at pag-quarantine (http://ph.lacounty.gov/covidquarantine/) para sa karagdagang mga detalye.

- ❑ Ang mga pasilidad ay inaatasan na iulat ang lahat ng pagkakalantad sa COVID-19 sa pasilidad sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa hanay ng mga empleyado at bata sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak para sa Sektor na Pang-edukasyon sa loob ng 1 araw na may pasok sa pagkakaabiso ng kaso. Sa kaganapan na 3 o higit pang positibong mga kaso ng COVID-19 ang kinilala sa 14 na araw, abisuhan kaagad ang mga opisyal ng lokal na kalusugan, mga kawani, at lahat ng mga pamilya habang pinananatili ang pagka-kumpidensyal gaya ng inaatas ng estado at pederal na batas.
- ❑ Ang mga pang-araw na kampo na tinukoy ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na may isang pagsiklab (3 o higit pang mga kaso sa tagal na 14 na araw) ay dapat na magsara ng 14 na araw alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19.
- ❑ Isarado ang mga lugar na ginamit ng sinumang may sakit na tao at huwag gamitin bago ang paglilinis at pagdidisimpekta. Kung maaari, maghintay ng 24 na oras o mas matagal pa hangga't maaari bago ang paglilinis at pagdidisimpekta ng lugar.
- ❑ Siguruhin ang isang ligtas at tamang paglalagay ng mga pandisimpekta gamit ang personal na pamprotektang kagamitan at bentilasyon na rekomendado para sa paglilinis. Ilayo sa mga bata ang mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta.
- ❑ Sa konsultasyon sa lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan, ang naaangkop na opisyal ng kampo ay maaaring isaalang-alang kung ang pagsasara ay iniuutos at haba ng oras batay sa antas ng panganib sa loob ng partikular na komunidad.

LIMITAHAN ANG PAGSASALO-SALO

- ❑ Panatilihing nakahiwalay ang mga gamit ng bawat isang kamper at nasa isang indibidwal na tinatakang pag-iimbak na lalagyan, kubiko o lugar. Siguruhin na ang mga gamit ay inuuwi bawat araw para linisin at disimpektahan.
- ❑ Siguruhin ang sapat na mga gamit para mabawasan o mapababa ang pagsasalo-salo ng mga materyales na madalas na nahahawakan (mga gamit ng sining, kagamitan, atbp.) hangga't praktikal o limitahan ang paggamit ng mga gamit at kagamitan sa isang grupo ng mga bata sa isang panahon at linisan at disimpektahin sa pagitan ng mga paggamit.
- ❑ Iwasan ang pagsasalo-salo ng mga elektronikong aparato, damit, laruan, libro at iba pang mga laro o pangtulong sa pag-aaral (learning aids) hangga't praktikal.

D. KOMUNIKASYON SA MGA EMPLEYADO AT PUBLIKO

- ❑ Panatilihin ang mga sistema sa komunikasyon na nagpapahintulot sa mga kawani at pamilya na iulat ng sarilinan ang mga sintomas at makatanggap ng mga maagap na abiso sa mga pagkakalantad at pagsasara, habang pinananatili ang pagka-kumpidensyal.
- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay ipinaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad.
- ❑ Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil sa lahat ng lugar na pinaaalalahanan ang mga tagapagturo at mga kamper sa pangangailangan para sa pisikal na pagdidistansya at paggamit

ng mga pantakip ng mukha.

- ❑ Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil na nag-aatas sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- ❑ Ang mga bilihan o outlet sa online ng establisyemento (website, sosyal (social) media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa pisikal na pagdidistansya, paggamit ng mga pantakip ng mukha at iba pang mga paksa.

E. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kamper ay binigyang prayoridad.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga serbisyo para sa mga kamper na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na nakalista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo: _____

Numero ng telepono: _____

Petsa na Huling Nirebisa: _____